


Inuyama Multilingual News

Publishing : Editing
Inuyama International
Association
Inilathala : 2020.10.30
Tagalog


Epekto ng NCoVid-19 sa Inuyama area

Dahil sa paglaganap ng NCoVid-19, naging malubha ang mga employment at apektado rin ang lungsod ng Inuyama. Hanggang noong buwan ng Agosto, tumaas ang bilang ng mga taong nagparehistro sa Public Employment Security Office ng Inuyama upang maghanap ng mapapasukang trabaho. Tumaas ang bilang nito ng 897 katao at 8.7% kung ikukumpara sa nakaraang taon. Sa kabilang banda, ang bilang ng mga job offers ay nabawasan ng 1,132 katao, 22.6% kumpara noong nakaraang taon.


Apektado rin ang mga banyagang manggagawa. ang bilang ng mga bagong banyagang aplikante sa trabaho ay lumagpas ng 100 katao noong buwan ng Hunyo at ito ay halos nasa 3.6% beses kaysa noong nakaraang taon. Gayunpaman, ang bilang ng mga job offers sa mga manufacturing industry na kung saan ay maraming banyagang namamasukan ay bumaba ng 52.6% mula Abril hanggang Agosto.




Pagbabago simula Abril hanggang Agosto



Pagbabago simula Abril hanggang Agosto



Pagbabago simula Abril hanggang Agosto



① Construction industry ② Manufacturing industry
③ Transportation, Postal industry ④ Wholesale Retail industry ⑤ Medical Welfare

Ang mga social welfare council sa lokal ng bawat prepektura ay nagbigay ng pansamantalang emergency loan para sa mga taong nag-aalala sa kanilang mga gastusin dahil sa kawalan ng trabaho at nagsaradong mga kumpanya.

<Sa mga taong nais mag-apply >

Mangyaring mag-apply sa social welfare council

Para sa detalye, tiyakin mula sa mga QR code.

Easy japanese

Ingles

Intsik

Vietnamese

Portuguese

Espanyol




※Gayunpaman, ang hiram na pera ay kailangang ibalik sa loob ng itinakdang durasyon. Kailangan ang pag-iingat dito.

<Para sa mga taong nagsagawa ng espesyal na pamamaraan ng pag-utang sa pansamantalang pondo>


| | |
|--|--|
| ① Para sa mga pansamantalang nawalan ng trabaho (Emergency Minimal Amount Fund) | |
| Durasyon ng pagbabalik ng loan | Ibalik ang hiram na pera sa loob ng 2 taon pagkatanggap nito. |
| Durasyon kung kailan hindi na muna kailangan bayaran agad ang loan | Hanggang 1 taon pagkatanggap ng hiram na pera. |
| ② Para sa mga walang trabaho (Comprehensive Support Fund) ※Emergency Minimal Amount Fund Bukod sa ① makakahiram rin nito ang mas nangangailangan. | |
| Durasyon ng pagbabalik ng loan | Ibalik ang hiram na pera sa loob ng 10 taon pagkatanggap nito. |
| Durasyon kung kailan hindi na muna kailangan bayaran agad ang loan | Hanggang 1 taon pagkatanggap ng hiram na pera. |

※ Ayon sa Social welfare council ng lungsod ng Inuyama, Hanggang Setyembre ay may 332 katao ang nag-apply para sa special loan sa pansamantalang pondo. Kung saan 136 katao ay mga banyaga at 40% ang kabuuan.

<Pagbabago ng bilang para sa special loan >



Pagbabago simula Hunyo hanggang Setpyembre



Pagbabago simula Hulyo hanggang Setpyembre

Sa oras ng aplikasyon, marami rito ang hindi marunong sa wikang Nihongo. Kinakailangan maibalik sa itinakdang durasyon ang hiniram na salapi, nag-aalala ako kung naunawaan ba nila ito.



Inuyama City Social Welfare Council
Mr. Nakajima Seiji

◆Para sa mga katanungan : Sa Municipal Social Welfare Council sa lugar ng inyong tinitirahan.

<Sa mga taong nakatira sa Inuyama City >

Inuyama City Social Welfare Consultation Tel No : (0568) 62-2508

Mag-aral ng Nihongo, upang madagdagan ang makakaya nating trabaho!

◆ **Halina at dumalo tayo sa Nihongo classroom ng inyong lokal.**

「Sa Nihongo Classroom ng Inuyama」 Ang mga klase ay nahahati ayon sa antas at layunin ng mga mag-aaral tuwing araw ng Linggo.



「Home Page HP」 ⇒

<http://iiea.info>



「Facebook」 ⇒

Inuyama International Association



Amin ngayong ipinakikilala ang masigasig na banyagang mag-aaral sa Nihongo Classroom ng Inuyama City.

Myla Nanameki

Nasyonalidad : Filipino

Dumating sa Japan : Pebrero 2020

Trabaho : Caregiver assistance sa Home for the Aged.



Masaya ako na nagagamit ko sa aking trabaho ang aking pinag-aralang nihongo. Masaya ang mag-aral nito, Kapag may narinig ako na isang bagay na hindi ko maintindihan ay nahihirapan ako kung paano ko ito sasabihin. Palakaibigan ang mga Japanese at mababait. Gayundin naman, sa Japan ay may ligtas na kapaligiran. Medyo mahirap ang gumising ng 5:30 ng umaga, upang gumawa ng aming baon para sa tanghalian ng aking asawa. Simula ngayon, ay nais ko pa lalong pagbutihan ang aking pag-aaral ng wikang hapon at maging mahusay sa pagsasalita.

◆ 「Tayo nang mag-aral ng 「Kurso ng Suporta sa Trabaho para sa mga Banyaga」

Depende sa lebel ng kaalaman sa nihongo, para sa matatag na trabaho sa hinaharap, maaari ninyong matutunan dito ang nihongo at kaalaman na magagamit sa oras ng trabaho. Job vacancies, application documents, interviews at iba pa) .

Target : 「Permanent resident」 「Asawa ng Hapon at iba pa」 「Permanent resident, may asawa at iba pa」 . Gayundin naman 「Long term resident」) at iba pang banyagang residente.

Isponsor : Japan International cooperation Center (JICE)

URL <https://www.jice.org/tabunka/course/>

Inuyama Multilingual News Issue • Edited by Inuyama International Youth Association
Matsumoto -Cho 4-21 Inuyama International Tourist Center 『Freude』 Inside
TEL: (0568) 48-1355 FAX : (0568) 48-1356 HP : <http://iiea.info>
E-mail : iia@grace.ocn.ne.jp

Translation Volunteer Members

English : Kusakabe Kazuro, Shibata Atsuyuki, Yasumura Megumi, Steve Mc Guire, Uchimura Hidetomo

Espanish : Tawara Carlos, Ruiz Bulnes Ricardo Arturo, Liliana Saeki

Portugues : Yara Marcos, Akagi Kasunori, Akagi Mitsue, Yoshida Giselle

Chinese : Harita Misako, Ten Ru, Sun Jiao, Niwa Tomoe, Fukuda Kasue

Vietnam : Hoang Manh Cuong, Vu Thi Ngoan, Ngo Van Tam

Tagalog : Higuchi Marita, Kawasaki Maria